


01 Paano ikonekta

I-plug ang isang dulo ng TurnCable (3.5 mm o 6.3 mm plug) sa iyong device sa pag-playback at ang kabilang dulo sa tugmang connector sa iyong Zinken headphones.

02 TurnCable

Parehong nag-aalok ng mga 3.5 mm at 6.3 mm na connector ang Zinken at TurnCable. Nagbibigay-daan ito sa iyo na makakonekta sa isang DJ mixer na may 6.3 mm plug o isang device sa pag-playback na may 3.5 mm plug, nang hindi nangangailangan ng anumang adapter.



03 Remote control at mikropono

Makikita ang remote control at mikropono sa TurnCable at magagamit ito nang nakakonekta sa isang compatible na device sa pag-playback sa pamamagitan ng 3.5 mm plug.



- Pindutin nang isang beses para mag-play/mag-pause o tumanggap/magwakas ng tawag.
 - Mag-double press para lumaktaw nang paabante o tanggihan ang isang tawag.
 - Mag-triple press para lumaktaw nang pabalik.
-

04 Paglilinis

I-unplug ang TurnCable at dahan-dahang hilahin ang ear cushions para alisin ang mga ito.


Gumamit ng lint-free na tela, na bahagyang binasa ng tubig at nilagyan ng kaunting sabon, 70% isopropyl alcohol, o 75% ethyl alcohol para maingat na linisan ang ear cushions, headband, labas ng earcups at TurnCable. Iwasang magkaroon ng moisture sa anumang opening, earcup, o remote control/mikropono sa TurnCable. Maingat na linisan ang mga bahaging iyon gamit ang tuyo at malambot na brush, o cotton swab.

— Huwag gumamit ng anumang matulis na bagay.

- Huwag gumamit ng compressed air.
- Huwag gumamit ng mga produktong may bleach o hydrogen peroxide.
- Huwag ilubog ang earcups sa anumang cleaning agent.

Tiyaking tuyong-tuyo na ang lahat ng bahagi bago ibalik ang ear cushions at i-plug ang anumang kable.

Para ibalik ang ear cushions, ipantay ang tatlong hook sa likod ng ear cushion sa tatlong butas sa earcup. Dahan-dahang itulak ang cushion hanggang sa marinig ang pagpitik nito na nangangahulugang nasa tamang puwesto na ito.



05 Pag-troubleshoot

Hindi gumagana ang remote control

Tiyaking nakakonekta ang 3.5 mm plug sa isang device sa pag-playback na sumusuporta sa remote control.

Hindi gumagana ang mikropono na gaya ng inaasahan

Sinusuportahan ng TurnCable ang CTIA (Cellular Telecommunications Industry Association) standard at posibleng magdulot ng mga isyu sa audio ang paggamit nito sa isang OMTP (Open Mobile Terminal Platform) device. Mayroong mga CTIA to OMTP na adapter na mabibili sa maraming retail na tindahan na makalulutas sa ganitong isyu.
